# BIYAYA, PAG-IBIG AT PAKIKISAMA




Aralin 13 para sa ika-26 ng Setyembre, 2026



"Ang biyaya ng Panginoong Jesucristo, at ang pagibig ng Dios, at ang pakikipisan ng Espiritu Santo ay sumainyo nawang lahat"
(2 Corinto 13:14)

Ang pinakapangkaraniwang pormula sa huling bahagi ng sulat ni Pablo, na ginamit na may konteng kaibahan sa ika-13 ng 14 nyang sulat, ay: “Ang biyaya ng Panginoong Jesucristo ay suma-inyo” (Rom. 16:24; 1 Cor. 16:23; Gal. 6:18; Efe. 6:24; Fil. 4:23; Col. 4:18; 1 Tess. 5:28; 2 Tess. 3:18; 1 Tim. 6:21; 2 Tim. 4:22; Tit . 3:15 ; Film. 1:25; Heb. 13:25).

Gayunpaman, sa ikalawang sulat sa mga taga-Corinto, gumawa sya ng mahalagang eksempsyon. Kabilang sa kanyang paalam ang biyaya, pag-ibig, at pakikisama ng tatlong persona ng Kadiosan: ang Anak, ang Ama, at ang Banal na Espiritu (2 Cor. 13:14).







“Ang biyaya ng Panginoong JesuCristo”



“Ang pag-ibig ng Dios”



“Ang pakikisama ng Banal na Espiritu”



“Sumainyong lahat”

# “ANG BIYAYA NG PANGINOONG JESUCRISTO”

“Sapagka't nalalaman ninyo ang biyaya ng ating Panginoong Jesucristo, na, bagaman siya'y mayaman, gayon ma'y nagpakadukha dahil sa inyo, upang sa pamamagitan ng kaniyang karukhaan ay magsiyaman kayo.”
(2 Corinto 8:9)

Nagsimula at natapos si Pablo sa ikalawa nyang sulat sa mga taga-Corinto na may pagtukoy sa biyaya ni Jesus. (2 Cor. 1:2; 13:14). Ano ba ang binubuo ng biyayang ito?



Iniwan Nya ang walang hanggang yaman sa langit at naging dukha upang tayo ay magmana ng Kanyang yaman (2 Cor. 8:9)



Lumakad Sya sa ating sanlibutan upang makilala natin Sya, mahalin Sya, at gayahin Sya (Juan 15:12)



Nagpakumbaba Sya at naging tapat hanggang sa kamatayan upang mapatawad ang ating kasalanan at bigyan tayo ng buhay na walang hanggan (Fil. 2:8)

Ano ang mangyayari sa mga tumanggap ng biyaya?

- Tayo ay napawalangsala (Rom. 3:24; Efe. 1:7)
- Nagagalak tayo sa pag-asa (Rom. 5:2)
- Tumatanggap tayo ng kapangyarihan kay Kristo (2 Cor. 12:9)
- Hindi na naghahari ang kasalanan sa atin (Rom. 6:14)
- Maghahari tayo kasama ni Jesus (Rom. 5:17, 21)




# "ANG PAG-IBIG NG DIOS" (1)

*"Ang hindi umiibig ay hindi nakakakilala sa Dios; sapagka't ang Dios ay pagibig."* (1 Juan 4:8)



Mariing ipinahayag ng Biblia na ang Dios ay pag-ibig (1 Juan 4:8). Ibinuhos Nya ang pag-ibig na iyon sa lahat Niyang nilikha. Makikita natin ito ng ating sariling puso; sa ugnayan ng mga magulang sa mga anak; sa magagandang bulaklak; sa umaawit na mga ibon; ...





Tinuruan ni Pablo ang mga tagaCorinto (at syempre tayo) na nagbubuo ang pag-ibig (1 Cor. 8:1); na walang may halaga kung walang pag-ibig (1 Cor. 13:1-3); at ang lahat ay dapat magawa na may pag-ibig na nagmumula sa Dios. (1 Cor. 16:14).

Ngunit, walang duda, ang pinakamalaking pahayag ng pag-ibig ng Dios ay makikita sa pagsakripisyo ni Jesus alang-alang sa ating mga kasalanan (Jn. 3:16).

Nagdadala ito sa atin na ipagkaloob sa iba ang parehong pag-ibig na ipinakita ng Dios sa atin (1 Juan 3:16)

# "ANG PAG-IBIG NG DIOS" (2)

"Sa katapustapusan, mga kapatid, paalam na. Mangagpakasakdal kayo; mangaaliw kayo; mangagkaisa kayo ng pagiisip; mangabuhay kayo sa kapayapaan: at ang Dios ng pagibig at ng kapayapaan ay sasa inyo." (2 Corinto 13:11)

**Ipinahayag ni Pablo ang Dios sa iba't-ibang paraan:**

- **"Dios ng pagtityaga" (Rom. 15:5)**
- **"Dios ng pag-asa" (Rom. 15:13)**
- **"Dios ng kapayapaan" (Rom. 15:33)**
- **"Dios [...] ng kaawaan" (2 Cor. 1:3a)**
- **"Dios ng lahat na kaaliwan" (2 Cor. 1:3b)**
- **"Dios ng pag-ibig" (2 Cor. 13:11)**



Na ibinigay ng Dios Ama sa atin ang Kanyang pag-ibig (1 Juan 3:1)



Na pinuno tayo ni Kristo na Dios ng Kanyang pag-ibig (Efe. 3:19)



**Hindi lang tinatangkilik ng Dios ang mga katangiang ito, ngunit Siya ang bukal kung saan ito nagmumula patungo sa atin.**

**Gaya ng ating nakita, ang Dios ay pag-ibig, ngunit Siya rin ay Dios ng pag-ibig, na ibig sabihin ay:**



Na ibinuhos ng Dios na Banal na Espiritu ang Kanyang pag-ibig sa atin (Rom. 5:5)

# “ANG PAKIKISAMA NG BANAL NA ESPIRITU”

“Ang biyaya ng Panginoong Jesucristo, at ang pagibig ng Dios, at ang pakikipisan ng Espiritu Santo ay sumainyo nawang lahat.” (2 Corinto 13:14)

Hinangad ni Pablo na sila ay mapasa-atin: ang biyaya ng isang Persona (Panginoong JesuKristo); ang pag-ibig ng isang Persona (God); at ang pakikisama... ng isang Persona (2 Cor. 13:14). Alang-alang sa pagkakapareho, tinukoy ni Pablo na Persona ang Banal na Espiritu, at hindi kapangyarihan.

Sa mahigit 40 reperensya nya sa Banal na Espiritu sa kanyang sulat sa Corinto, ipinahayag Sya ni Pablo na may personal na mga katangian, at hindi lang basta kapangyarihang nagmumula sa Dios:



- Nagsasangkap sa mga tao para sa misyon (1 Cor. 2:4)
- Ipinapahayag Nya sa atin ang malalalim ng bagay tungkol sa Dios (1 Cor. 2:10)
- Nagtuturo Sya sa atin (1 Cor. 2:13)
- Tumitira Sya sa atin (1 Cor. 3:16)
- Nakikipagtulungan kay Kristo para sa pagpapawalangsala sa atin (1 Cor. 6:11)
- Nagbibigay Sya ng mga Espiritwal na kaloob (1 Cor. 12:7-11)
- Tinatatakan Nya tayo para sa kaligtasan (2 Cor. 1:22)
- Isinusulat ang kautusan sa ating mga puso (2 Cor. 3:3)
- Binibigyan Nya tayo ng bagong buhay kay Kristo (2 Cor. 3:6)
- Binibigyan Nya tayo ng kalayaan mula sa kasalanan (2 Cor. 3:17)

# "SUMAINYONG LAHAT"

"Ayon sa paunang kaalaman ng Dios Ama, sa pagpapabanal ng Espiritu, upang magsitalima at mangawisikan ng dugo ni Jesucristo: Biyaya at kapayapaan nawa ang sa inyo'y sumagana." (1 Pedro 1:2)



Bagaman nasanay tayo na tawagin ang Trinidad (tatlong banal na Persona, isang Dios) sa ganitong ayos "Ama, Anak, Espiritu" (Mt. 28:19), Ipinahayag ito ni Pablo na "Anak, Ama, Espiritu" (2 Cor. 13:14), at ni Pedro bilang "Ama, Espiritu, Anak" (1 Pet. 1:2).

Walang herarkiya sa kanila; bawat isa ay simpleng may kanya-kanyang tungkulin sa plano ng kaligtasan, ngunit magkakapareho sila ng katangian at layunin.

| BIYAYA | PAG-IBIG | PAKIKISAMA |
|---|---|---|
| Mula sa Ama (1 Cor. 1:3) | Mula sa Ama (1 John 2:15) | Mula sa Ama (1 John 1:3) |
| Mula sa Anak (1 Cor. 1:3) | Mula sa Anak (Rom. 8:35) | Mula sa Anak (1 John 1:3) |
| Mula sa Espiritu (Heb. 10:29 ) | Mula sa Espiritu (Rom. 15:30) | Mula sa Espiritu (Phil. 2:1) |

Kaya binuod ni Pablo ang kanyang liham, sa paghangad na ang biyaya, pag-ibig, at pakikisama ng buong Kadiosan ay mapasa-ating lahat nawa (2 Cor . 13:14)

## EGW (Evangelism, p. 615)

"Hindi maaaring tukuyin ng mga bagay dito sa lupa ang Ama. Ang Ama ay kabuuan ng Kadiosan, at hindi nakikita ng mortal na paningin. Ang Anak ay kabuuan ng Kadiosan na ipinahayag. [...] Ang Tagapag-aliw na ipinangako ni Kristo na ipapadala matapos na Sya ay umakyat sa langit, ay ang Espiritu sa kabuuan ng Kadiosan, na nagpapahayag sa kapangyarihan ng banal na biyaya sa lahat na tatanggap at maniniwala kay Kristo bilang personal na Tagapagligtas. May tatlong buhay na mga persona sa makalangit na trio; sa pangalan nitong tatlong dakilang kapangyarihan—ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu—ang mga tumanggap kay Kristo sa buhay na pananampalataya ay nabautismohan, at ang mga kapangyarihang ito ay makikipagtulungan sa mga masunoring lingkod ng langit sa kanilang pagsisikap na makaranas ng bagong buhay kay Kristo."